

# 1

“I can explain, Tatz.” Maagap na tumayo mula sa kama si Topher. Halos nahubad na ang pang-itaas nito at nakabukas ang zipper ng pantalon na suot. Inayos niya ang sarili habang hindi binibitiwan ang tingin ng babaeng nakatayo sa pintuan.

Tatz looked shocked. Hindi nito nagawang magsalita habang ang mga mata ay nakapako sa eksenang nadatnan sa loob ng silid-tulugan.

Si Topher na nakapatong sa babaeng halos wala nang damit at parehong nagpapalitan ng mapupusok na halik.

“It’s not what you think it is.” Sinubukan niyang muling magpaliwanag dito, subalit nanatili pa rin itong walang kaimik-imik. Sinubukan niyang lumapit sa babae, subalit maagap na umatras ito sa kanya. He was stung by her immediate reaction.

“Tatz...” Muli, nagtangka siyang magpaliwanag ngunit iniwas nito ang mga mata sa kanya at itinuon ang paningin sa babaeng nananatili pa ring nakahiga sa kama.

Sinundan niya ang tingin nito at tila gusto niyang

sipain ang sarilin dahil doon. What made him think na sinsero ang ex-girlfriend niya nang sabihin nitong gusto lang nitong makipag-usap sa kanya? But he was an even bigger fool for being weak with beautiful women.

His gaze went back to his still shocked wife. Ang maputi nitong kutis ay naging maputla dahil sa nasaksihan. Her wide-rimmed glasses perched on her nose abominably at ang mahaba nitong buhok na halos abot hanggang sa baywang nito ay maayos na nakatali sa likuran nito. Hindi na niya pinansin ang maluwang at baduy nitong pananamit.

Tatz had a beautiful and classic face; high cheekbones, straight nose, kissable lips and deep-set eyes na napapalamutian ng mahahabang pilik. Those attributes of her didn't go amiss to Topher's observant nature.

“Can we stop this pretense, please? It's starting to bore me,” anang babaeng nakahiga sa kama. She even stretched her long slim legs on the bed. Nagbalik ang isip ng lalaki sa hinaharap na dilemma.

Rose Ann, his ex, never failed to make a scene when need be. Kahit na ito pa ang nasa mali.

“E-excuse m-me?” Sa unang pagkakataon mula

nang mahuli sila nito sa compromising situation ay narinig niya ang tinig ng asawa. Her voice trembled with suppressed emotion. His instinct made him go near her, subalit nakita muli niya ang ginawa nitong pag-atras. Pinigil niya ang sarili at sa halip ay nanatili sa kinatatayuan.

“Hindi ko alam kung tanga ka lang ba o nagtatanga-tangahan lang, Tatz. Can’t you see? We were having a great time until you came,” malanding balik ni Rose Ann dito.

“Rose, stop it!” saway niya sa dalagang nakahiga. Hindi niya nais palakihin pa ang sitwasyon sa ginagawa nito. He turned his attention to his wife. “Tatz, hayaan mo akong magpaliwanag,” pakiusap niya.

“Understand what?” There was accusation in her eyes when she looked at him and it hit him hard on the gut. Kahit ano ang paliwanag niya ay guilty talaga siya.

“Understand, na mas masaya *sa akin* si Topher. Hindi ka naman ipagpapalit at maghahanap ng iba ang asawa mo kung masaya siya sa ’yo, right?” sabad muli ni Rose Ann kaya hindi nasagot ng lalaki ang tanong ni Tatz. Nagawa na nitong makatayo at lumapit sa puwesto niya nang hindi niya namamalayan.

Ipinulupot nito ang mga braso sa kanyang balikat.

“Stop this, Rose!” Pinilit niyang kalasin ang mga braso nito, subalit mapilit ang pagkakakapit nito sa kanya. He watched as Tatz’s face turned a shade lighter again.

“T-this is too much...” mahinang bulong nito bago nagmamadaling tumakbo palabas sa silid.

“Tatz!” Kasabay ng pagtawag niya sa pangalan nito ay iwinaksi niya ang mga braso ng dating nobya. Hahabulin sana niya ito kung hindi lang niya narinig ang pagpigil ng babae.

“Don’t dare walk out on me, Topher!” maawtoridad ang tinig na utos nito. Napahinto siya sa binabalak at napalingon dito.

“What you did is devious, Rose.” Kinailangan niyang pigilan ang galit na nadama sa ginawa ng dating nobya sa kanyang asawa.

“Devious na kung devious, Topher. I don’t care. Una kang naging akin. Siya ang nang-agaw.” Her words were like shards of ice.

Napapailing na lamang siya sa narinig. In a way, may punto ito.

He and Tatz were married not because they loved

each other. Ikinasal sila dahil sa isang pagkakamali.

The two of them belonged to the same group of friends since college. Nasama sa barkada si Tatz dahil sa kaibigan nitong si Jena na kaibigan ng kaibigan niyang si Ariel. They were four in the group. Kahit kailan ay hindi siya naging malapit kay Tatz dahil na rin sa salungat nilang personalities.

He was a playboy while she was conservative.

Tuwing Biyernes ay nakasanayan na nilang gumimik sa labas at magpunta sa bar. Isang beses na lumabas sila ay nagkataong nag-away sila ng nobyang si Rose Ann kung kaya naparami siya ng inom. Nakipag-inuman siya sa tatlong kabarkada sa bahay ni Ariel. Nang magising siya kinabukasan ay nagisnan na lang niyang katabi na si Tatz. May nangyari sa kanila noong gabing iyon.

Dahil sa pangyayaring iyon ay idinaos ang isang mabilisang kasal sa pagitan ng dalawa at ngayon nga, makalipas ang isang linggong pagsasama ay mukhang hindi na magtatagal ang panahon nilang mag-asawa dahil na rin sa panggugulo ng ex niya.

Napapailing na inayos niyang muli ang suot bago nagsimulang maglakad palabas ng kuwarto.

“Topher, saan ka pupunta?” pigil muli ng dating

nobyang.

He looked at her over his shoulder. “I’m going to fetch my wife.” His resolve was absolute.

Naramdaman na lang niya ang pagtama ng isang unang sa kanyang likod. Hindi niya iyon masyadong pinansin.

“Topher! Don’t you get it! Pinikot ka lang ng santa-santita na ’yun! Niloko ka lang niya!” the woman rattled on.

Tumigil siya sa paglalakad at humarap dito.

“You may be right, pero hindi pa rin tama ang ginawa ko. Natin sa kanya. At kahit ano pa ang gawin natin, no one can change the fact that she *is* my wife, Rose.” Iyon lang at tuluyan na niyang iniwan ang babae.

---

“Desidido ka na ba talaga, Tatz?” May lungkot sa mga mata ni Jena nang bumaling ito sa kanya.

Hindi napigilan ni Tatz ang muling paghagulhol sa harapan nito. Niyakap siya ng matalik na kaibigan.

“A-ayoko na talaga, Jen... Hindi ko na kayang magmukhang tanga at mahina. Gusto kong lumayo

...” sa naninikip na lalamunan ay nagawa niyang sabihin dito.

“Kaya nga sinabi ko na sa ‘yo na mali ang choice na magpakasal ka kay Topher. I told you he’s not the marrying type. Napakapalikero ng lalaking ‘yon, walang sineseryosong bagay.” Napapailing na lamang ito habang hinihimas ang kanyang likod.

Somehow, Tatz was soothed by her gesture. Kahit papaano ay nagagawa niyang maikalma ang damdamin.

“P-pero wala naman akong pagpipilian, Jen...”  
bagsak ang loob na balik niya bago muling umiyak.

Labag din sa kalooban niya ang nangyaring pagpapakasal sa Topher. She didn’t intend to get married at twenty. Para sa kanya ay napakabata pa niya.

Pangarap niya ang maging sikat na painter at makilala sa ibang bansa katulad ng kanyang namayapang ina. Sinikap niyang makapagtapos ng Fine Arts sa *UP* para na rin mapatunayan na kasinggaling siya ng kanyang ina.

Malayo sa isip niya ang pagpapakasal, ngunit nasira ang kanyang mga pangarap nang gabing may mangyari sa kanila ni Topher.

*The Estranged Wife - Jessica Gayle*

---

The memory was a bit vague, subalit nadama niya ang telltale signs ng pagbabago sa kanyang katawan nang magising katabi ang binata nang sumunod na umaga at pareho silang walang saplot.

Hindi niya kailanman inakala na ibibigay niya ang sarili nang ganoon-ganoon na lamang sa isang lalaki... lalo na sa katulad ni Topher. Hindi niya ito gusto kahit magkabarkada sila.

He was the epitome of the man she did not want for a lover—babaero at mahilig sa good time.

Subalit sa kabila ng mga hindi kaaya-ayang ugali nito ay pumayag ito sa kasal na ipinilit ng kanilang mga magulang. Ipinangako pa nito sa kanya ang isang mahalagang bagay na siyang pinanghahawakan niya mula nang sila ay ikinasal.

*“Hindi ko alam kung ano talaga ang ibig sabihin ng tunay na pagmamahal, Tatz. Pero ipinangako ko sa ‘yo... Sasabihin ko na lang kapag mahal na kita. Ayos ba ‘yun?”*

He even said the charming promise with a wink. Lalo tuloy siyang naiyak sa alaalang iyon.

“A-akala ko, maaayos namin ang pagsasama namin kahit pareho kaming uncertain sa desisyon naming magpakasal. I... I was wrong...” Muli ay



humagulhol siya.

“Tatz, isang linggo pa lang kayo na nagsasama at sa palagay mo maaayos n’yo na agad ang relasyon n’yo?” tugon nito.

“Jena, kung mababaw lang sana ang nangyari pero hindi. I saw him with Rose Ann, halos pareho na silang walang suot na damit! My God!” humahagulhol na balik niya.

“Tahan na. Ano na ang gagawin mo ngayon?” nag-aalalang tanong nito.

Kumalas siya mula sa yakap ng kaibigan. Luhaan pa rin na bumaling siya rito. “Nakapagpasya na ako... aalis ako,” aniya sa pinatatag na tinig.

“Saan ka pupunta?” naguguluhan pa ring tanong nito.

“Sa malayo. Sa States. Kailangan kong umalis dito para hindi ko na maisip ang mga kaguluhang ito. I want to forget all this. I want to forget him,” sagot niya habang pinapahid ang luha.

“Tatz, kahit lumayo ka, sa mata ng tao at sa mata ng Diyos ay mag-asawa pa rin kayo ni Topher,” marahang pagpapaliwanag ni Jena.

“I don’t care. Kahit naman mag-asawa kami sa

*The Estranged Wife - Jessica Gayle*

---

papel ay nagagawa pa rin niya akong pagtaksilan. Magagawa ko din ang gusto ko. Aalis ako and that's final," she decided.

Nang sumunod na umaga ay hindi na siya nagabalang magtagal sa bahay ng kaibigan. Umuwi siya sa bahay ng kanyang ama para magpaalam. Hindi nito kinuwestyon ang desisyon niya.

Nakasakay na siya sa eroplano nang maramdaman ang lungkot na biglang lumukob sa kanya.

*He didn't even tried to find me. I'm really a mistake. Our marriage was really a big mistake...* And with the thought lingering in her mind, she fell asleep.

## 2

Pagkalipas ng limang taon...

Nakatingin si Daphne sa labas ng bintana ng eroplano. Papalapag na ang higanteng sasakyang-panghimpapawid sa runway ng paliparan. Ilang minuto lang ay huminto na ito kung saan dapat tumigil.

*Home... I'm home!* Hindi niya napigilan ang sense of homecoming na naramdaman nang bumaba sa eroplano. She was finally home.

Napangiti siya. Palabas na siya ng airport at kitang-kita na niya ang mga taong naghihintay sa mga balikbayan na katulad niya.

“Tatz! Ikaw ba ’yan?” nagtititiling tawag ni Jena nang makita siya. Mabilis siyang niyakap ng matalik na kaibigan. Snuklian din niya ang higit ng yakap nito.

“Grabe! Hindi na kita nakilala, ’Day! Ang ganda mo na!”

“Yeah, ako nga ’to. Hindi ka pa rin nagbabago, Bruha. Ang ingay mo pa rin,” balik niya tungkol

sa kakulitan nito. Kapagdaka ay bumaling siya sa kanyang ama. She looked at him and smiled warmly. “Dad, I’m home.” Hindi na niya napigilan ang sarili na yakapin ito. How she missed him!

“Welcome home, Anak,” anito. Mahigpit din ang yakap na iginanti nito sa kanya.

Ilang sandali silang nasa ganoong ayos bago niya naalala ang isang mahalagang bagay, subalit bago pa niya magawang sabihin iyon sa mga ito ay ito na mismo ang gumawa niyon para sa kanya.

“Mommy, bakit hindi mo ako hinintay?” sabi ng limang taong gulang na batang lalaki na nagmamadaling tumakbo palapit sa kanya.

Sabay na lumuwa ang mga mata ng kasama niya habang titig na titig sa bata. Binuhat niya ito at humarap sa dalawang taong sumundo sa kanya.

“Jen, Pa, this is JC... my son,” nakangiti at proud niyang pakilala sa kargang bata.

---

“Grabe ka, Tatz! Paano mo nagawang ilihim sa ’kin ito?” usisa ni Jena, may pagtatampo pa rin sa tinig nito.

Nandoon na sila sa bahay ng kanyang ama

sa Quezon City. Magkakarap silang nakaupo sa magkabilang panig ng maliit na dining table sa labas ng garden.

“I’m sorry, Jen. Kinailangan ko lang talagang gawin,” nagpapaumanhing sagot niya. Sumisimsim siya ng orange juice nang lapitan siya ng anak.

There was a silly smile playing on his lips. Sinuklian niya ang ngiti nito.

“Mommy, I have something for you.” Bagaman limang taong gulang pa lamang ito ay matatas na ito sa salita ng Ingles.

“Ano ’yun, baby ko?” She gently patted her son’s chubby cheek.

Inilabas nito ang isang gumamela na itinatago nito sa likuran at ibinigay sa kanya.

“For you, Mommy,” malambing na tugon ng batang lalaki bago ito tumakbo papalayo sa kanya. Sinundan niya ng tingin ang pigura ng anak niya. Nangingiting napapailing na lamang siya.

“You look so happy,” puna ni Jena. Nang mapabaling sa kaibigan ang atensyon niya ay nagpapasensya muli iyon.

“I’m really sorry, Jen. Pangako, hindi na ako

maglilihim muli sa 'yo." Itinaas pa niya ang kanang kamay tanda ng pangangako.

Tinampal nito nang mahina ang kanyang braso. "Sige na nga! You're forgiven. Sa cute ba naman ng anak mo, sa tingin mo magagalit ako nang matagal? May gusto lang akong malaman at sana sagutin mo." Jena's easygoing attitude suddenly became serious. "Sino ang ama ni JC?"

Her question didn't caught Tatz by surprise. Alam na niyang darating sa puntong iyon ang kanilang usapan.

"Si Topher," she answered matter-of-factly. Saying the man's name never failed to make her uneasy kahit limang taon na ang lumipas. Hindi niya alam kung bakit.

Nanlaki ang mga mata nito sa narinig. "Nagkaanak kayo nang hindi niya alam? My God!" bulalas nito.

"Shh, 'yang boses mo! Maririnig tayo ni JC. Hindi ko gustong marinig niya ang pinag-uusapan natin," marahang saway niya.

"Bakit?" tanong nitong naguguluhan pa rin.

"Ang alam niya ay patay na ang daddy niya and I intend to keep it that way."

Napaawang ang mga labi nito sa pagkabigla. “Nasisiraan ka na ba? Paano mo magagawa ’yun ngayong nandito kayong mag-ina? And by the way, ano ba talaga ang dahilan kung bakit bigla ka na lang bumalik dito sa Pilipinas after five years ng pananahimik mo d’un sa States?” Jena shot her a barrage of questions.

Sadyang ibinitin ni Daphne ang kaibigan. She drank her juice more slowly and sat back on her chair comfortably before giving her answer.

“I want to file for an annulment. Gusto ko na ulit maging single, Jen,” she answered truthfully.

Ilang sandaling nanahimik ito bago ulit nakapagsalita. “It’s about time, pero paano mo magagawang i-file ang annulment kung hindi ka magpapakita sa kanya?” Jena challenged.

She just shrugged her shoulders. “Sino ba ang nagsabi sa ‘yong hindi ako makikipagkita sa kanya? Ang sinabi ko lang ay hindi niya p’wedeng makita ang anak ko. I’m going to meet him myself,” kampanteng saad niya.

Napapamata na lamang ito sa kanya. “Alam mo hindi na kita makilala. Anlaki na ng ipinagbago mo. You’re not the shy Tatz I knew,” pagbibigay-alam nito.

“Tama ka, nagbago na nga ako. Marami akong bagay na na-realize habang nasa States ako.” She smiled at her friend. “Oo nga pala, bago ako sumugod sa giyera, makikibalita lang ako sa kung ano na ang nangyari sa asawa kong babaero,” she mocked.

Jena rolled her eyes in answer. “Walang bago. Hayun! Nakikipaglampungan pa rin kay Rose Ann. Babaero pa rin.”

“Just as I thought.” She immediately dismissed the sudden melancholic feeling that crossed over her. Expected na niya ang sagot na iyon ng kausap. Ano pa ba ang inaasahan niya sa isang Christopher Robles?

Natanaw niya ang kanyang ama na nanggaling sa inner garden at akay-akay si JC. The picture of them made her smile.

“At kailan mo balak na makipagkomprontasyon sa asawa mo?” pukaw ni Jena.

Tatz turned to her with a gleam in her eyes that spoke no trace of cowardice. “Soon... very soon.”

---

“Sir, there’s someone here looking for you,” anang tinig ng sekretarya ni Topher sa intercom.

Sa nananakit na sintido ay sinagot niya ang



tawag nito.

“Tell whoever it is na busy ako. Marami akong ginagawa, Jill.” Katatapos lang ng conference niya with the different departments of his company. They discussed about the upcoming anniversary of the company at ang mga preparasyong kailangang asikasuhin. Wala pa siya sa mood makipagdiskusyon muli sa kung sinumang tao. Lalo pa kung si Rose Ann iyon. Wala sa loob na napabuntong-hininga si Topher. Naalala niya ang huli nilang pag-uusap ng nobya.

*Katatapos lang nilang pagsaluhan ang isang romantic dinner sa isang pamosong hotel sa Makati nang i-open ng dalaga ang tungkol sa pagkuha niya ng annulment.*

*“Para saan?” He never liked her high-handedness toward him. Pakiramdam niya ay sinasakal siya nito.*

*“Topher, Darling, ayoko lang kasing magmukhang kabit sa mata ng mga tao. I think it’s high time na mag-file ka na ng annulment para mapawalang-bisa na ang kasal n’yo ng estranged wife mo. Gaano katagal na ba kayong hindi nagkikita, hindi nagsasama? Four, five years? Wala ka nang balita sa kanya. Who knows baka nag-asawa na siya sa ibang bansa,” litanya nito.*

*“Impossible.” The one word made Rose Ann stop in*

*her ranting dahil na rin sa tono ng kanyang pagsasalita.*

*Hindi niya maipaliwanag ang biglaang pag-iinit ng ulo nang marinig ang konklusyon nito tungkol kay Tatz. Hindi niya alam kung bakit defensive siya sa tuwing may magsasalita ng masama tungkol sa asawang matagal ng nawawala.*

*Natapos ang gabing iyon na hindi sila nag-iimikan ng dalaga.*

Muli ay napabuntong-hininga si Topher nang magbalik ang isip niya sa kasalukuyan.

*I think I really need a break...* kapagdaka ay desisyon ng kanyang isip. But before he could even exact his plan, the door opened suddenly.

“What the...?” Hindi niya napigilan ang iritasyon sa kung sinumang Poncio Pilato na nagtangkang guluhin ang peace of mind niya.

“S-Sir, sinubukan ko pong pigilan siya pero ayaw niyang magpapigil...” hinihinal na paliwanag sa kanya ni Jill.

His eyes wandered to the woman standing beside his secretary.

She was stunning. She wore a white pair of skinny jeans with a navy blue tank top na napapatungan ng

puti ring cardigan. Her bob hairstyle accentuated her heart-shaped face. Litaw na litaw ang mapusyaw nitong balat sa kulay ng damit pati na rin ang magandang hubog ng katawan nito. But the stunning thing about her was not her physique. It was her classic face.

She had a pair of deep-set eyes under long curly lashes. Her nose was perfectly molded to emphasize her pink, kissable lips. And a beauty mark near her mouth finished off her classic beauty.

His observation on the woman took him a couple more minutes bago nag-spark ang recognition sa utak niya. Bigla siyang napatayo mula sa kinauupuang swivel chair.

“As I was saying to your secretary, hindi ko kailangan ng appointment para makausap ka.” The stunning woman directed her attention to him. He was a bit taken aback by her confident tone.

“Sir?” baling ng sekretarya sa kanya.

“It’s okay, Jill. P’wede mo na kaming iwan,” he ordered.

Nag-aalangan man ay lumabas pa rin ng silid ang babae. He turned his gaze toward the woman still standing near the door.

“How’s life in the States, my wayward wife?” Topher couldn’t help the sudden rush of apprehension in his veins upon mentioning the last three words.

Naglakad si Tatz palapit sa kanyang mesa at kampanteng umupo sa silyang kaharap niya. She smiled at him demurely.

“Akala ko hindi mo ako makikilala. I’m fine, thank you, my estranged husband.” Nagulat pa siya nang ibalik nito ang parehong animosity sa kanya.

“Tatz.” Biglang naging seryoso ang tono ng kanyang boses nang sabihin ang pangalan ng babae.

“Topher,” she mimicked in return.

“Akala ko wala ka nang balak magpakita after what? Five years?” Sinubukan niyang pagaanin ang hangin sa pagitan nila. He didn’t want to start a fight between them.

“Gan’un na ba talaga katagal? It felt like it was just yesterday. Kamusta na kayo ni Rose Ann? Kayo pa rin ba o may iba na?” She had a teasing note in her. That bothered him. Hindi siya sanay sa biglang pagbabago nito; he was used to her being tongue-tied and shy.

“Never mind me. Ikaw ang pinag-uusapan natin

dito. Ano na ang nangyari sa ‘yo, Tatz?’ Simula nang magkita silang muli ay sincere na pagtatanong niya tungkol dito. Itago man niya sa sarili ay nawala ang sama ng kanyang pakiramdam. He was more than curious to find out about his wife’s life for the past years.

“Nothing much. I just finished taking Fine Arts. May sarili na akong boutique sa LA. My life has been well. I’m happy.” The smile that radiated her face tugged at his insides. Her smile was still the same. Kahit papaano ay pinagaan niyon ang loob niya.

“Good. At least, natupad mo ang pangarap mo. I’m happy for you.” Sinuklian din niya ang ngiti nito. Tatz’s smile suddenly dissipated.

“Siguro, tama na ang kamustahan natin, Topher. Ayoko nang magpaliguy-ligoy pa.” Biglang nagseryoso ang tinig ng babae.

“Ano ba ang gusto mong pag-usapan natin?” His question was apparent.

“I want an annulment, Topher,” walang kaemosyong sagot nito.

Ilang sandaling hindi nagawang sumagot ng lalaki. He was silently digesting her words. Kahit pa nararamdaman na niya ang pagnanais nitong iyon

ay hindi pa rin niya magawang makapaniwala na masasabi ni Tatz sa kanya ang tungkol sa hiwalayan. Gone was the conservative Tatz he knew. Napalitan na iyon ng isang independent at matatag na babae. But despite the drastic change in personalities ay hindi mapigilan ni Topher ang nadaramang paghanga rito.

“Hindi gan’un kadali ang hinihiling mo, Tatz. Limang taon kang nawala. You should’ve asked earlier for the annulment. Bakit mo pa pinatagal nang ganito? Why ask for it now?” he inquired curiously.

She regarded him before answering, “I want to marry again, Topher.”

The news exploded in his head. Bigla siyang nakaramdam ng possessiveness sa babae. Hindi niya maipaliwanag ang biglang bugso ng damdamin.

“Magpapakasal ka ulit?” tila sarkastikong balik niya.

“You heard it right,” she confirmed the second time.

“Sino siya?” Hindi napigilan ni Topher ang sarili na usisain ang identity ng lalaking balak nitong ipalit sa kanya.

“His name is Patrizio Montez; half Italian, half

Filipino siya. Nakilala ko siya sa isang exhibit sa Milan. He's a nice guy—”

“Okay, I get the picture,” he cut her off hastily. Hindi na niya nais marinig ang magagandang katangian ng lalaki sa asawa. It only made him feel more irritated.

“So you see, Topher, ang kailangan ko lang ay ang cooperation mo. Hindi naman siguro tayo mahihirapan na ayusin ang proseso. We'll just state ‘irreconcilable differences’ o kaya ‘negligence of obligations’ ang dahilan ng paghihiwalay natin,” paliwanag nito.

“You really sorted everything out. Wala akong masabi,” aniya sa pagod na tinig. Napasandal siya sa swivel chair habang pinagmamasdan ang babae. She was looking more beautiful in his eyes by the minute.

“Hindi naman. I just wanted to make things easier for both of us,” tugon nito sa sinserong tinig.

Ilang sandaling naghari ang katahimikan sa pagitan nila. Si Topher na rin ang unang bumasag niyon kapagdaka.

“Kailangan ko na munang pag-isipan ito, Tatz. Pagod ako, pasensya na. You caught me in a bad time.” He tried to sound tired for her benefit.

## *The Estranged Wife - Jessica Gayle*

---

Pinanood muna siya nito bago tumayo nang makitang napabuntong-hininga siya pero hindi umalis sa kinatatayuan. Instead, she regarded him again closely. That made him feel awkward.

“Alam mo, hindi ko akalaing dadating ang araw na maririnig kong sabihin mo na busy ka sa trabaho. Mabuti naman kahit papaano ay may mabuting pagbabago sa 'yo. It's good to know you're more responsible now.” Sinabayan pa nito ng ngiti ang sinabi bago tumalikod at tinungo ang pinto. Bago pa makalabas si Tatz ay muli siya nitong nilingon. “By the way, it was nice seeing you again, Topher.” Muli ay nginitian siya nito bago nilisan ang kanyang opisina.

Nang mapag-isa na siya ay saka pa lang niya napagtantong nakatulala siya sa nakapinid na pinto. Ngani-ngani na niyang pagalitan ang sarili.

*Ano ba ang nangyayari sa 'kin ? Dumating lang ang long-lost wife ko ay nagkakaganito na ako. Topher, pull yourself together! saway ng kanyang utak.*

Sinubukan niyang ipahinga ang pagod na utak, subalit parang tukso na naglaro sa kanyang balintataw ang imahe ng mukha ni Tatz.

Inis na napamulat siya at tumitig sa kisame. Bigla ay nag-flashback sa kanya ang isang eksena sa buhay



niya five years ago....

Pagkagaling sa bahay nang gabing mahuli siya ni Tatz sa kama kasama si Rose Ann ay nagpasama siya kay Ariel. Nag-inuman sila. Umaga na nang magising siya at inumpisahan ang paghahanap sa naglayas na asawa. Inumpisahan niya sa bahay ni Jena, subalit wala ito roon at nang pumunta siya sa bahay ng ama nito ay nalaman niyang lumipad na ito patungong Amerika na walang iniwan ni isang salita sa kanya.

Pinabayaan niya ang babae sa nais nito. Inisip niyang nagpapalamig lamang ng ulo si Tatz at kapag lumamig na ang ulo nito ay babalik na ito ng Pilipinas. Pero nagkamali siya. Nang umabot sa isang taon na wala pa rin maski isang sulat o tawag mula rito ay tumigil na siya sa paghihintay. Inituon na lamang niya ang pansin sa family business at kay Rose Ann.

*Just give her the annulment. Matatahimik kayo once pino-process na iyon Magiging masaya na kayong dalawa, payo ng isang bahagi ng utak niya.*

Somehow, the idea of happiness became elusive with that thought. Hindi rin niya maalis ang uneasiness na nadarama sa sinabi ng babae. Kapagdaka ay dinampot niya ang receiver ng telepono at ini-dial ang pamilyar na numero.

*The Estranged Wife - Jessica Gayle*

---

“Hello, Attorney? I need to ask you to do something....”

# 3

Nakakailang-doorbell si Topher sa harap ng gate ng bahay ng mga Samaniego, subalit wala pa ring taong nagbubukas ng tarangkahan.

Ilang sandali siyang napaisip kung bakit siya sumadya sa bahay na iyon. Napabuntong-hininga siya.

Matapos ang di-inaasahang pagbisita ni Tatz sa opisina niya noong nagdaang araw ay nakapagdesisyon na siyang ibigay rito ang kalayaang hinihingi nito. He had already talked with his lawyer and had the papers processed. But he was still uneasy about his decision kung kaya gusto muli niyang makausap ang babae sa huling pagkakataon.

Subalit ang balak niyang pakikipag-usap ay mukhang mauwi lang sa wala. Mukhang walang tao sa bahay na pinuntahan niya.

Babalik na sana siya sa kanyang sasakyan nang makita sa gilid ng kanyang mga mata ang marahang pagbukas ng gate. He immediately turned to the small opening.

Noong una ay inakala niyang wala namang tao

sa likod ng munting tarangkahan. Nang tumingin siya sa ibaba ay nakita niya ang maliit na pigura ng batang lalaki.

“Hello, Kid.” He managed a smile at him.

The little boy didn’t return the smile. Nakasuot ito ng malaking itim na shades na halos tumakip sa buo nitong mukha. Nakasuot ito ng blue jumper at puting t-shirt with matching blue baseball cap. Mahaba ang buhok ng batang lalaki na nakatali ng rubber band sa may batok nito. He was fair-skinned and chubby. Halatang mamula-mula ang mga pisngi nito dahil sa init ng panahon. Tahimik lamang itong nakamasid sa kanya behind his dark glasses. Lalong lumawak ang pagkakangiti niya rito.

“Papapasukin mo ba ako?” friendly na tanong niya.

“My mommy told me not to talk to strangers,” anang cute na bata sa unang pagkakataon.

*Speaking in dollars. Great.* Natutuwang ginulo niya ang buhok nito. “Right. Go inside and call your yaya, tell her someone’s here. Ayos ba ’yun?” he explained slowly.

“Okay.” Tumango pa ito bago isinara muli ang pinto at pumasok sa loob ng bahay.

Hindi maalis ni Topher ang ngiti sa mukha na dahil sa pagkakakita sa bata. Somehow, the little boy tugged at his insides. Ilang sandali lamang ay isang katulong na ang nagbukas ng pinto.

“Ay, Sir Topher, kayo pala! Pasensya na po! Dadalawin n’yo po ba si Sir Jo?” napapalatak na saad nito.

Hindi na siya bago sa bahay ni Tatz. Simula nang umalis ang asawa sa Pilipinas ay hindi niya nakakalimutang dalawin ang kanyang biyenang every two weeks.

“Ang sabihin mo, nawili ka na naman sa panonood ng TV, Ana,” tukso niya. “Nand’yan ba si Daddy Jo?”

“Opo, Sir. Pasok kayo. Nand’un siya sa garden.” Binukasan nang maluwanag ng babae ang gate. Habang papasok ay hindi naiwasan ni Topher ang paggala ng mga mata, hinahanap ang paslit na sumalubong sa kanya kanina. Subalit nakarating na siya sa garden ay wala pa rin maski anino nito. Nakadama siya ng kaunting lungkot.

“My favorite son-in-law! Topher, Hijo, anong masamang hangin ang nagdala sa ‘yo dito?’” pabirong bulalas ni Daddy Jo sa kanya. Naabutan niya itong nagmemerienda sa maliit na dining table sa garden.

“Daddy Jo, I’m your only son-in-law,” marahang pagtatama niya rito. Despite the circumstance of his failed marriage to Tatz ay hindi naging balakid iyon para magalit sa kanya ang matanda. The two of them became close over the years.

“Oo nga naman, ano nga ang dahilan kung bakit ka napasugod dito? Dahil ba sa nalaman mong dumating na ang asawa mo?” There was a mischievous gleam in the old man’s eyes. Napapailing na lamang siya sa ginawi nito.

“Daddy Jo, naunahan pa niya kayo. She’s been in my office the other day,” pagbibigay-alam niya. Naupo siya sa tabi ng biyenang at kumagat sa banana cate na nasa plato nito.

Namilog ang mga mata nito sa gulat. “Then, she has told you of the news already?” masayang tanong nito.

“Yeah, she did,” ang tangi na lamang niyang sagot. Hindi niya akalaing masisiyahan ang matanda sa balita ng sariling anak tungkol sa balak nitong pakikipaghiwalay sa kanya. He felt betrayed.

“Akala ko ay ililihim niya sa ’yo ang tungkol sa kanya. Mabuti naman at nagkamali ako, Hijo,” patuloy pa nito sa masaya pa ring tinig.

He was still reeling from the feeling, subalit nagawa pa rin niyang mag-react sa sinasabi ng kausap.

“Daddy Jo, ayos lang talaga sa ’yo ang desisyon ni Tatz? Boto ka talaga sa lalaking ipapalit niya sa ’kin? Have you even met him?”

Bumalatay confusion sa mukha nito sa mga tanong niya.

“Ano ba’ng ipapalit ang pinagsasasabi mo, Topher? Pareho ba tayo ng pinag-uusapan?” kapagdaka ay balik-tanong nito.

“I don’t know. I think so,” naguguluhan ding sagot niya. “Tungkol ito sa pagpapakasal ni Tatz sa ibang lalaki, di ba? This is about our annulment.”

“What? Anong annulment ang pinagsasasabi mo? Wala akong alam tungkol d’yan,” bulalas ng matanda.

Naguguluhan pa rin siya sa takbo ng usapan nila. “So what are we talking about in the first place?”

“Ang tungkol kay JC.”

“JC? Sinong JC?” He was still flustered and the idea of another guy being involved with Tatz was too much for him to handle. Ilan ba ang lalaki ang

pinangakuan nitong pakasalan?

Bago pa ito muling makapagpaliwanag ay biglang dumating ang batang lalaki na kanina lamang na nagbukas sa kanya ng gate.

“Papi, I want to show you something,” masayang sabi nito habang lumalapit kay Daddy Jo. Kinarga ito ng matanda upang iupo sa hita nito.

“Papi? Daddy Jo, may iba ka pa bang anak na hindi ko alam beside kay Tatz? I thought she was an only child?” naguguluhang tanong niya sa biyenan kapagdaka habang pinagmamasdan ang mga ito.

“Wala na, Topher. Si Tatz lang ang anak ko. This is JC, my apo. He is Tatz’s son,” walang kagatul-gatol na pahayag nito.

Matagal bago nag-sink in sa kanyang utak ang sinabi ng matanda. Si Tatz, nagkaroon ng anak sa ibang lalaki? He felt a jab at his stomach at the thought. He looked at the kid blankly. Bago pa niya maisatinig ang nais itanong dito ay nagsalita muli si Daddy Jo.

“JC, Hijo, meet your daddy,” baling nito sa batang lalaki. Katulad ng reaksiyon niya ang reaksiyon ng paslit.



He was slackjawed with the revelation. Halata ring nagulat ang bata dahil napanganga ito nang bahagya sa narinig.

“Go and greet your daddy, JC,” marahang utos ng abuelo habang ibinababa ito mula sa pagkakaupo sa hita ng una. He even pushed the boy slightly toward his direction.

Masunurin namang sumunod si JC. Lumapit ito at tumigil nang ilang dipa mula sa kanya.

Pinagmasdan muna siya nito bago nito tinanggal ang suot na shades.

All his questions and doubts were erased the moment Topher saw the face behind the offending glasses.

“Are you really... my daddy?” The boy’s little voice touched his heart.

“I guess I am.” Halos hindi siya makahinga dahil sa natuklasan bago niya inilahad ang mga braso at mahigpit na niyakap ang batang lalaki. He felt his heart soar with happiness as he embraced his newfound son. Hindi siya makapaniwala na ang isang gabing pagkakamali nila ni Tatz ay magbubunga ng isang buhay.

“Ano’ng ginagawa mo dito?” Malakas at hindi makapaniwalang tinig ni Tatz ang bumasag sa moment nilang mag-ama. Sabay sila ng anak na napatingin dito.

Nakatayo ito sa nakabukas na sliding door na nakaharap sa hardin. Mukhang kagigising lamang nito dahil sa suot na pajamas.

Despite the dishevelled picture she made, hindi pa rin maiwasan ni Topher ang warmth na biglang sumalakay sa kanya nang tingnan ito. She looked tempting like a chocolate.

“I’m here to talk to you at para na rin bisitahin ang *anak* ko, Tatz.” Pilit niyang pinatatag ang tinig. Sa natuklasang lihim nito, hindi makakapayag si Topher na pakawalan pa ang asawa. Not just because of their son but because for the first time, nag-click na sa mabagal na sistema ng kanyang utak ang isang realisasyon.

He was having a growing attraction to his elusive wife.

---

Halos panawan ng ulirat si Tatz sa nagisnang eksena sa garden ng bahay.

Topher was holding JC in a tight embrace. They were a picture of tenderness, subalit kaagad niyang iwinaksi iyon sa utak.

Her five-year-secret was revealed. Nalaman na ni Topher ang tungkol sa anak nila!

*Nila? And when did you consider sharing JC with him, Tatz? Don't be a fool!* saway ng kanyang utak. Simula nang muli silang magkita nito noong nagdaang araw ay hindi na nawala sa isip niya ang guwapo at nakangiti nitong mukha.

He was like an addictive candy to her. Kahit anong pilit niyang iwaksi ito sa isip ay palagi na lamang bumabalik.

Hindi niya gustong aminin sa sarili na na-miss niya ang asawa. How could she not miss him? Sa loob ng limang taon ay nakikita niya sa mukha ng anak ang mukha nito, ang ngiti nito.

Tumayo si Topher habang karga-karga nito ang anak nila. The picture they made tugged at her heart. She couldn't imagine anyone looking so masculine and well-honed like him despite him carrying a five-year-old toddler in his arms.

Wala naman gaanong nagbago rito. He was still tall, dark and handsome. His face still had that

welcoming smile. Clean-cut ito at clean-shaven na lalong nagpadagdag sa angkin nitong kakisigan. Makakapal pa rin ang pantay-pantay na kilay nito na lalong nagpa-emphasize sa kulay abo nitong mga mata.

His eyes were the most intriguing part of his face. They came from the long line of the Robles clan. Lahat ng lalaking anak sa pamilya ng mga ito ay mayroong ganoong kulay ng mata.

Napabalik sa kasalukuyan ang diwa ni Tatz nang maglakad patungo sa kanya ang kanyang mag-ama. Marahan siyang napaatras.

Huminto sa tapat niya ang lalaki. He regarded her seriously before turning to the child in his arms.

“JC, is it okay kung mag-uusap muna kami ni Mommy? Pagkatapos naming mag-usap, maglalaro tayo maghapon,” matamis na sabi nito.

“Talaga po? Promise po ’yan, Daddy?” It was the first time she saw her son looking so happy ever since they came back home. Nakaramdam siya ng kaunting pagseselos. She felt a little bit stupid.

“I promise. Run along now. Doon ka muna kay Lolo.” He placed a loving kiss on his cherubic cheek before putting him down.

Tatz watched as her father took JC to the inner garden. Ilang sandali na siyang nakatanaw sa direksyong tinungo ng mga ito nang marinig ang pagsasalita ng lalaking katabi niya.

“Bakit mo inilihim sa ’kin ang tungkol sa anak ko, Tatz?” Walang pang-aakusa sa tinig nito kundi kalituhan at ipinagpasalamat niya iyon. Hindi niya sigurado kung paano haharapin ang galit nito kung sakali.

“What made you think na anak mo siya?” She tried misleading him but it was to no avail.

“Cut the crap, Tatz. Hindi ako tanga. I saw it with my very own eyes. He looks just like me when I was young. He has the same gray eyes. Isa siyang Robles,” may kombiksyong pahayag nito.

Kanina pa niya hindi hinaharap ang lalaki, subalit sa sinabi nito ay bigla ang pagragasa ng damdaming ina sa kanyang kalooban.

“Samaniego siya,” she corrected him. Hindi niya gustong angkinin nito ang anak.

“He’s both, Tatz. Hindi ako papayag na ipagkait mo sa akin ang karapatan ko.” May pinalidad sa tinig nito nang sabihin iyon.

“Ano ang balak mong gawin?” She felt herself panicking. Hindi siya makakapayag na kunin nito si JC!

“First of all, ibibigay ko sa kanya ang apelyido ko. Like it or not, asawa mo pa rin ako,” umpisa nito. “And second, I’m not going to give you your annulment.”

“No way! Hindi dahilan si JC para hindi matuloy ang annulment, Topher!” bulalas niya, hindi napigilan ang sarili dahil sa panic na nadarama. Hindi siya makakapayag na maudlot ang plano. Gusto na niyang makuha ang inaasam-asam na kalayaan para sa sarili. She wanted to leave her past behind her and make a new start.

“At ano ang sasabihin mo sa anak natin? Kaya mo bang sabihin sa kanya na maghihiwalay ang mommy at daddy niya?” hamon nito.

“I can. In the first place, ang alam naman niya ay wala ka na. I told him you were *dead*,” she spat out.

Nagbago ang anyo ni Topher sa narinig mula sa kanya. His usually calm façade and easy demeanor grew taut. Halatang nagpipigil ito ng galit.

“I’ll just pretend I didn’t hear you say that. Hindi ako makakapayag na ilayo sa akin ang anak ko after five years na ipagkait mo siya sa buhay ko.” An

underlying threat laced his words. It made her spine tingle.

“Hindi mo ako mapipigilan kung umalis ako uli, Topher,” pagbabanta rin niya. Isa pala iyong pagkakamali.

He grabbed her by the shoulder and held the back of her neck in a vice-like grip. Hindi niya nagawang kumilos.

“I won’t take my eyes off you then,” mahinang sabi nito. Halos magkalapat na ang kanilang mga mukha. Before she could calculate his next move, Topher’s lips were on hers.

He captured her lips in a savage kiss. He literally took her breath away. Despite the hardness of the kiss, Tatz could not dispel the feeling he was arousing in her. And with the last vestige of her restraint blown to the wind, she gave in to the kiss.

Kaagad naman nitong naramdaman ang ginawa niyang pagtugon. The brutal kiss slowly transformed into a gentle kiss.

He traced her lower lip with his tongue. Hindi napigilan ng babae ang kumawalang ungol mula sa kanyang lalamunan. She couldn’t help digging her fingers into his thick dark hair. It was his turn to

groan.

“Is this the way to show me that you want an annulment?” nanunuksong balik nito nang magkaroon ng pagitan ang kanilang mga labi.

His words suddenly brought her back to reality. Pinilit niyang itulak ito subalit hindi man lang ito natinag.

“Let me go, Topher,” utos niya. Nais niyang itago ang pagkapahiya rito.

“Not yet, my darling wife. Let me get this clear. Sasama kayo sa 'kin ni JC sa bahay at d'un kayo titira. We will live as a family. Naiintindihan mo ba?” kampanteng paglalalatag nito sa harapan niya ng mga plano nito.

“What makes you think na susundin kita?” paasik na tugon niya.

“Let's just say, dito nakasalalay ang annulment na hinihingi mo.” Iyon lang at iniwan na siya nito upang puntahan si JC.



## 4

Inis na inilibot ni Tatz ang mga mata sa kabuuan ng mansyon ng asawa.

“Remind me again kung bakit ko ginagawa ito?” baling niya kay Topher. Kasalukuyang bitbit nito ang isa niyang maleta. Kahit pa ang bigat niyon ay walang mababanaag na discomfiture sa anyo nito. He looked immaculately cool.

*And deliciously handsome...* Ngani-ngani na niyang kutusan ang sarili sa malanding isipin na iyon. Simula nang halikan siya nito ay hindi na niya naiwasan ang kakaibang damdamin na binuhay nito sa kanya.

It was as if she wanted him to kiss her again ...

*Erase! Erase! Erase!* Ibinalik niya ang utak sa kasalukuyan.

“Nandito ka dahil dito ang bahay n’yo ni JC. We’re going to live under the same roof. And we are going to sleep in the same bedroom.” Sa huling pahayag nito ay mulagat na napabalik ang kanyang mga mata sa lalaki.

“Hep, hep! Wala sa usapan natin ’yan, Topher! I only agreed na sa isang bahay tayo tumira until... you know.” Hindi niya nagawang ituloy ang nais sanang sabihin. Alam na nito kung ano iyon.

Pumayag siyang tumira sa bahay nito dahil sa pangako nitong ibibigay ang annulment sa kanya. He told her he just wanted to spend time with their son without the shadow of a broken family around. Kahit naman siya ay ayaw iparamdam sa anak na bunga ito ng isang pagkakamali. She tried her best to make JC feel whole despite his parents’ differences.

Napabuntong-hininga siya sa isiping iyon. Mahina talaga siya pagdating sa kanyang anak.

“I’m *not* going to sleep in your bed, Topher. That’s final,” giit niya.

Nagkibit-balikat ito. “Don’t worry, my bedroom has an extension room. You can sleep there. Hindi ako namimilit ng babae sa kama ko. I never had to,” presko nitong sagot.

Napataas ang isa niyang kilay sa narinig. *Kapal talaga!* she mused silently.

Mula sa puno ng hagdanan ay nagpakita ang isang matandang babae. Bago pa ito nakalapit sa kanila ay malapad na ang ngiting nasa mukha ni Tatz.

Nakalimutan niya ang pagkairita sa asawa pagpakita rito Niyakap siya nito nang mahigpit.

“Tatz, Hija. I missed you so much! Bakit ngayon ka lang bumalik dito?” Ramdam niya ang mainit na pagtanggap nito sa kanya.

“Mama Moni, I missed you too.” She really missed her mother-in-law. She loved her like her own mother sa kaunting panahon na nagsama sila ng anak nito.

“Bakit kasi bigla ka na lang umalis nang walang pasabi? You made me so sad, pero ngayong nandito ka na ay magkakar’un na ulit ng buhay ang bahay na ito.” Masayang ipinagdikit pa nito ang mga palad. She almost laughed at the familiar gesture.

“Mommy, sa ginagawa n’yong yan baka lalo lang magbago ang isip ni Tatz,” tila batang sabad ni Topher.

Napasimangot ang ginang sa sinabi ng anak. Marahang tinampal nito ang balikat ng huli.

“Ma naman! Ano’ng ginawa ko?” defensive na tugon nito.

“Ikaw ang dahilan ng pag-alis ni Tatz! Kaya ikaw ang mag-behave, kung di’y magagalit talaga ako sa ’yo.” Muli nitong tinampal ang braso ng lalaki.

*The Estranged Wife - Jessica Gayle*

---

She silently reveled at the two. Time didn't change the way the mother and son bantered with each other. Pakiramdam tuloy niya ay hindi siya nawala ng limang taon.

“Ma, may surprise sa 'yo si Tatz,” kapagdaka ay seryosong sinabi ni Topher sa ina.

Bigla siyang nakadama ng kaba. Hindi niya alam kung paano sasabihin sa ginang ang matagal niyang inilihim. Sa mga ganitong pagkakataon ay pinagsisisihan niya ang ginawa.

“Ano 'yun, Tatz?” The older woman turned to her. Lalo siyang hindi nakapagsalita.

At that moment ay patakpong pumasok sa loob ng bahay si JC with a huge ball in his arms. Mabilis na tumungo ito kay Topher at kinarga naman nito ang bata.

“Ma, meet JC,” proud na pakilala nito sa anak bago nito tanggalin ang suot na shades ng paslit. Tatz did not miss the astonished gasp from Mama Moni.

Mabilis na kinuha ng matandang babae ang batang lalaki mula sa ama nito at niyakap nang mahigpit. Pinaulanan pa nito ng maraming halik sa pisngi ang apo.

“Lola, I can’t breathe...” mahinang pigil ni JC sa matanda.

“Lola? Tinawag niya akong ‘Lola’?” Bumaling ito sa kanila. There was happiness in her eyes. That touched Tatz.

“JC, Hijo, kilala mo ako?” malambing na tugon nito sa batang yakap-yakap.

“Yes, I do. Daddy said you’re my Lola Moni. Nice to meet you po,” masayang balik ng bata dito. Muli ay pinaulanan ito ng halik nito mula sa abuela.

“Mama Moni...” Lumapit si Tatz sa biyenan, subalit bago pa siya nakapagsalita ay kinulong din siya nito sa yakap.

“Hija, Hija! Napakagandang surprise ito! Hindi ko alam kung bakit inilihim mo ang bagay na ito sa amin, pero ang mahalag ay nandito na kayo. Kayo ng apo ko!”

Nilunok na lamang niya ang dapat na paliwanag. The woman was really heaven-sent. Ilang sandali sila sa ganoong posisyon bago ito na mismo ang kumalas sa yakap.

“Okay, okay, dahil matagal kaming hindi nagkasama ng apo ko, akin na muna siya. Walang

sasabat. Come to Lola, JC.” At parang alagang aso na dinala ni Mama Moni ang paslit sa kusina.

Naiwan silang dalawa ni Topher sa sala. Kahit papaano ay na-relieve siya sa mainit na pagtanggap ng mother-in-law sa kanyang anak.

Tahimik na umakyat silang mag-asawa sa silid ng lalaki. The room no doubt belonged to a man.

Walang mababakas na kahit anong pagka-feminine ang interior nito. Halos lahat ng gamit ay nababagay sa dark blue color ng mga dingding. Sa gitna ng silid ay may isang king-sized bed.

Tatz’s gaze wandered around the bedroom and stopped at the closed door of the extension room.

“Dadalhin ko na ba ang mga gamit mo sa kuwarto?” Topher asked her. Mataman siyang pinagmamasdan nito at nakadama siya ng pagkaasiwa.

“Sige, thanks,” paiwas niyang sagot bago tumuloy sa loob ng kabilang silid. Habang ipinapasok nito roon ang kanyang gamit ay wala sa loob na napalapit siya sa kama nito.

Hindi niya balak na humiga subalit nang lumapat ang kanyang likod sa malambot na kutson, nakaramdam siya ng malakas na hatak ng antok.

Nakatulog na siya nang tuluyan sa kama ng asawa.

---

“May gusto ka pa bang—” Naputol ang sana ay itatanong ni Topher sa babae nang madatnan niya ito sa labas ng extension room. Dahan-dahan niyang nilapitan ang natutulog na si Tatz.

Parang magnetong hindi niya maialis ang tingin sa nahihimbing na pigura nito sa kanyang kama.

She was sprawled on the bed carelessly. Halatang hindi nito sinadya ang makatulog doon.

Naupo siya sa paanan ng kama at patuloy na pinagmasdan ang natutulog na asawa.

Her face was a bit flushed from fatigue. Ang maikling buhok nito ay natatakpan ang kalahating bahagi ng mukha nito. Maingat niyang inipit sa likod ng tainga nito ang mga naligaw na hibla. Napansin din niya ang pantay na paghinga nito. Her lips were also partially opened.

*Her sweet, tempting lips...* tukso ng kanyang utak. Naipilig na lamang niya ang ulo sa isiping iyon.

Pagkatapos ng halik na pinagsaluhan nila sa bahay ni Daddy Jo ay hindi na magawang kalimutan ni Topher ang pangyayari. The memory was already

etched in his mind.

Hindi niya alam kung paano nagawang gisingin ng asawa ang kanyang libido sa simpleng halik na iyon. He couldn't remember her doing that five years ago.

*That's because she has changed into a woman. Nagbago na siya, Topher.* The idea both saddened and cheered him.

Nasiyahan siya dahil hindi na gaanong uptight si Tatz. Hindi na ito ang conservative at mahina ang loob na babaeng nakilala niya noon.

Subalit nalulungkot din siya dahil alam niyang kaya ito nagbago ay dahil sa sinasabi nitong lalaki. Dahil kay Patrizio.

The idea of her entertaining other guys really bothered him. Parang gusto niyang sakalin ang babae sa isiping iyon.

*Jealous much?* Napailing siya sa bulong ng utak. He couldn't be jealous, right?

Bigla ay narinig niyang magsalita ang asawa. Hindi niya maintindihan kung ano ang sinasabi nito kaya curious niyang inilapit ang tainga sa bibig nito.

Isang magaanng halik ang iginawad niya sa



bahagyang nakaawang na mga labi nito at kinumutan ito. Lumabas na siya ng silid at tinungo ang hagdanan.

Isang malapad na ngiti ang namutawi sa mga labi ni Topher. Tatz was sleeptalking at ang sinabi nito nang mga sandaling iyon ay hinding-hindi niya makakalimutan.

---

“Tell me something I don’t know,” untag ni Topher sa kanya.

Sinulyapan lang ito ni Tatz, kasalukuyan siyang gumuguhit. Nasa terasa sila ng bahay nito. From their vantage point ay kitang-kita niya ang anak at si Mama Moni na naglalaro ng bola sa ibaba. Ang mga ito ang subject niya.

“What?” wala sa loob na bigkas niya. Naka-focus pa rin siya sa ginagawa.

“What does JC stand for?”

“John Christopher,” matipid niyang tugon. She was almost finish with the sketch.

Ilang sandaling natahimik ang lalaki. The silence prompted her to glance at his direction. Nagulat pa siya nang makitang seryosong pinagmamasdan siya nito.

“Thank you. I appreciate it.”

His sincerity made her speechless for a second. Nang makabawi ay nagtanong siya, “Para saan?”

“Salamat at kahit papaano ay isinunod mo ang pangalan ni JC sa 'kin.”

Muli ay natahimik siya. Ganoon ba talaga siya ka-obvious? She didn't want a reminder of Topher in her son kahit pa sa pangalan nito, subalit nang ipanganak niya si JC at makita ang splitting image sa ama ay hindi niya napigilan ang sarili na isunod sa pangalan nito ang anak.

“You're welcome,” aniya kapagdaka. Nang tumango ito ay ibinalik na niya ang atensyon sa ginagawa. She was starting to draw with charcoal now.

“P'wede ba ulit magtanong?” makalipas ang ilang saglit ay bungad muli ng lalaki.

“Sure,” she answered him nonchalantly.

“Bakit palaging nagsusuot ng shades si JC? Is there something wrong with him?” The concern in his voice made her look at him again.

Napabuntong-hininga siya bago ito sagutin. “There's nothing wrong with him, Topher. He's such

a perfect kid. Hindi ko lang gustong masaktan siya ulit.” Bigla ang lungkot na lumukob sa kanya.

“Ano’ng ibig mo’ng sabihin?” He crossed the distance between them. Tinabihan siya nito malapit sa railings ng terasa. Pareho na silang nakatingin sa maglolang naglalaro sa ibaba.

“Back in the States, nakatira kami sa community ng mga Pilipino din. Masaya naman d’un kasi puro Pinoy din ang mga nakatira d’un. Hindi ako nahirapang mag-adjust. Kaso nga lang nahirapan si JC. Palibhasa puro bata ang kalaro, siya lang ang naiiba sa kanila. Minsan narinig ko tinutukso siya ng mga bata na alien at abnormal because of his eyes. Umiyak siya nang gabing yun. I don’t want to see him like that again. Ako ang sobrang nasasaktan.” Ibinaba ni Tatz ang hawak na charcoal pencil at bumaling sa katabing lalaki. He was regarding her softly.

“I understand. I have the same eyes, Tatz.” He just smiled at her knowingly. Kahit papaano ay gumaan ang pakiramdam niya. “Was it hard?” pag-iiba nito sa usapan.

“Ang alin?” tanong niya, bahagyang nalilito.

“Giving birth to JC,” matipid na sagot nito.

Ilang sandali siyang natahimik sa dahil doon.

Hindi niya alam kung ano ang tamang salitang dapat sabihin dito.

“Kung hindi mo gustong sagutin, ayos lang,” kapagdaka ay sabi nito.

Napakagat-labi siya, inaalala ang araw na isinilang niya ang sanggol na si JC. “It hurts like hell,” she said and wrinkled her nose.

She saw him winced at her answer.

“I’m sorry I was not there,” nagpapakumbabang saad nito.

“Tapos na ’yun.” Ngumiti siya rito.

“Tama ka, but still...” anito sa malungkot pa rin na tinig.

“Ganito na lang, bumawi ka na lang... kay JC para mawala ang pagkakonsyensya mo.” Tatz almost bit her tongue. Muntikan na niyang masabi, *‘bumawi ka na lang sa ‘min’*. Hindi niya alam kung saan nagmula ang isiping iyon.

Tumango ito bilang pagsang-ayon. Katahimikan ang naghari sa kanila kapagdaka. Ipinagpatuloy ni Tatz ang ginagawang portrait ng maglola.

“I almost forgot...” muli ay untag nito.

“Ano naman?” A slight irritation marred her smooth forehead. Hindi niya gusto ang nararamdamang comfort habang nakikipagkuwentuhan sa lalaki. She was supposed to be civil with him. Hindi niya gustong maging at ease dito. Telling him everything she feels as if they were old friends.

“Nagsasalita ka habang tulog,” nakangising tudyo nito.

“Hindi totoo ’yan!” defensive niyang sagot. She darted a menacing look at him.

“But you do,” preskong tugon nito. Sumandal ito sa railings ng terasa at tinitigan siya.

She felt the familiar uneasiness in the way he looked at her. Hindi niya magawang mag-concentrate sa ginagawang portrait.

“Kung talagang nagsasalita ako nang tulog, would you mind telling me kung ano ang sinabi ko?” hamon niya.

“Gusto mo ba talagang malaman kung ano’ng sinabi mo?” Nakakaloko pa rin ang ngiti nito habang nakatingin sa kanya.

Nagulat pa siya nang biglang kumilos si Topher at ikulong siya sa kanyang kinauupuan sa pamamagitan

*The Estranged Wife - Jessica Gayle*

---

ng malalapad nitong braso. She felt suddenly vulnerable. Hindi niya inaasahan ang reaksiyon ng katawan sa ginawa ng asawa. Even the reaction of her heartbeat.

“A-ano’ng sinabi ko?” Napautal siya sa pagsasalita dahil sa kawalan ng sasabihin at sa lapit ng katawan nila sa isa’t isa.

“*Topher, I want you...*” anas nito sa punong-tainga niya. He was so close to her and she could hear her own drumming heartbeat. Napapikit siya sa pag-aakalang hahalikan siya nito. Two more seconds passed subalit wala pa ring labi ang dumampi sa kanya. When she finally opened her eyes, she saw him regarding her with a wide smile. “Totoo ba? Do you really want me?” He was still hovering above her.

Inis at namumulang hinawi niya ang mga braso nito bago tumayo sa kinauupuan. Nagmamadaling pumasok siya sa loob ng bahay. Behind her back she could hear him calling to her.

“You still owe me an answer, Woman. Like it or not, you’ll give me one,” anito. Naririnig pa rin niya ang malutong na halakhak nito kahit naisara na niya ang pinto.

Sinaway niya ang takbo ng isip. Hindi siya

*The Estranged Wife - Jessica Gayle*

---

magpapadala sa mga panunukso at pambubuyo ng asawa. Hindi niya papayagan ang sariling muling mahulog dito. Hinding-hindi!